**REPUBLIKA NG PILIPINAS**
LALAWIGAN NG LAGUNA
**BAYAN NG LUMBAN**
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-22 NG MAYO, 2017 SA GANAP NA IKA-9:55 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO**:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ---------------- | *Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. MARIA AURELIA E. QUIJANO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROMELIO E. LADUB | ---------------- | Kagawad |
| KGG. SHERYLL G. TABLICO-GAURINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. PEDRO S. ABE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT C. RANA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. PERCIVAL L. JAVIER | ---------------- | Pangulo-LNB |

**DI-NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| KGG. JOHNDELL A. SAMONTE | ---------------- | Kagawad |

Kapasiyahan Blg. 31 T. 2017

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY KGG. ARNEL V. DE MESA, REGIONAL EXECUTIVE DIRECTOR, DA-RFO 4A, NA MAKASAMA ANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA BILANG BENEPISARYO NG PROYEKTONG SOLAR PUMP IRRIGATION.**

Akda Ni: Kgg. Ireneo R. Baldovino

**SAPAGKAT**, ang Barangay Wawa-Concepcion at Wawa-Culion ng Bayan ng Lumban, Laguna na may sukat na humigit-kumulang sa isang daang **(100)** hektarya ay isa sa may malawak na taniman ng halaman at palay sa Lalawigan ng Laguna;

**SAPAGKAT**, sa napakatagal na panahon, ang mga magsasaka ng Bayan ng Lumban ay matagal nang umaasa sa Shallow Pump Motor bilang sistema ng patubig ng kanilang taniman;

**SAPAGKAT**, kaakibat ng paggamit ng Shallow Pump Motor, ang malaking gastusin sa pag-arkila at gatong-krudo para sa operasyon kung kaya halos kaunti na lamang ang kinikita ng mga magsasaka;

**SAPAGKAT**, layunin ng Pamahalaang Bayan na maiangat ang antas ng agrikultura at maitaas ang kita at pamumuhay ng mga mahihirap na magsasaka sa Bayan ng Lumban;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Ireneo R. Baldovino na pinangalawahan ni Kgg. Rhoda DM. Rabie at sinang-ayunan ng lahat nang nagsidalo, ay;

**IPINASIYA,** tulad nang dito'y ginawang **PAGPAPASIYA,** na mapitagang hilingin kay Kgg. Arnel V. De Mesa, Regional Executive Director, DA-RFO 4A na makasama ang Bayan ng Lumban, Laguna bilang benepisaryo ng proyektong Solar Pump Irrigation.

**IPINASIYA PA RIN,** na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Regional Field Office 4A ng Kagawaran ng Pagsasaka para sa kanilang kabatiran at pagsasaalang-alang.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-22 ng Mayo, 2017.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Nagpatotoo :

**BELEN B. RAGA**
Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan

Pinagtibay :

**ROLANDO G. UBATAY**
Punumbayan

*Xcerpt052217res31*